

TECHNO *guide*

GABAY

SA PAGTATANIM NG

PECHAY



atiinteractive



#ISHAREKNOWLEDGE | #ATiNspire | #ATILEADS | #URBANAGRI



TECHNO *guide*

Madalas itanim sa ating mga bakuran ang pechay, dahil madali lang itong itanim at mabilis anihin. Masustansya ang pechay lalo na ang tangkay nito na sagana sa mga bitamina A, C, at K.



atiinteractive



#ISHAREKNOWLEDGE | #ATiNspire | #ATILEADS | #URBANAGRI



TECHNO *guide*

LUGAR NA PAGTATANIMAN

Magandang itanim ang pechay sa lupang buhaghag na maraming organikong pataba. Mahalaga na hindi tinitigilan ng tubig ang lupa, ngunit hindi rin mabilis matuyuan. Itanim sa lugar na naaarawan at may temperaturang 18-22 °C. Maaari din itong itanim anumang buwan ng taon.



PAGPILI NG BINHI

Pumili ng binhi na angkop sa lugar na pagtataniman. Maaaring gamitin ang mga binhi na may resistensya sa mga sakit.



TECHNO *guide*

PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Bungkalin ang lupang pagtataniman, maglagay ng 1kg na pinatuyong dumi ng manok o *chicken manure* at 300g ng *carbonized rice hull* kada metro kwadrado.



TECHNO *guide*

PAGPUPUNLA AT PAGLILIPAT TANIM

Magpunla ng mga buto sa kamang punlaan, mas mainam kung may *seedling tray* para mas madaling maglipat ng punla. Bahagyang takpan ng lupa ang mga buto. Tiyakin na natatakpan ng lupa ang mga buto upang hindi ito kainin ng mga insekto. Diligan araw-araw ang punlaan. Mas maganda kung gagamit ng *sprinkler*.



#ISHAREKNOWLEDGE | #ATiNspire | #ATILEADS | #URBANAGRI



TECHNO *guide*

PAGPUPUNLA AT PAGLILIPAT TANIM

Gawin ang paglilipat tanim makalipas ang 15 araw pagkapunla. Basain ng lubusan ang pinagpunlaan isang araw bago maglipat tanim upang madali itong tanggalin sa pagkakapunla. Ilipat tanim ang mga punla sa kamang taniman na may distansyang 6-12 pulgada depende sa barayti. Diligan ang tanim pagkatapos nito.



atiinteractive



#ISHAREKNOWLEDGE | #ATiNspire | #ATILEADS | #URBANAGRI



TECHNO *guide*

PANGANGALAGA

Mag aplay ng *Fermented Plant Juice* (FPJ) ng 1-3 beses sa isang linggo, upang lumusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya sa mga sakit at peste. Diligan ang taniman 2-3 beses sa isang linggo o kung kinakailangan. Ugaliin din na tanggalin ang mga damo upang maiwasan ang kumpetensya sa sustansya at araw.



PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ilan sa mga pangunahing sakit ng pechay ay ang Damping Off, Downy Mildew, at Club Root. Ang pangunahing mga kulisap naman ay Diamond Back, Cutworm, at Aphids. Bunutin ang mga may sakit na halaman at sunugin upang hindi na kumalat ito. Bawasan din ang pagdidilig kapag nagsimula ng malanta ang mga pechay sanhi ng sakit.

Photo: www.docplayer.net



PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Maaaring gumamit ng mga Blue Label na pestisidyo upang masugpo naman ang mga pesteng kulisap. Huwag lang mag-isprey ng pestisidyo isa o dalawang araw bago umani.

Photo: www.forestryimages.org



TECHNO *guide*

PAG-AANI

Maaari nang anihin ang tanim na pechay mula 30 hanggang 40 araw pagkatanim. Gawin ito sa hapon upang maiwasan ang pagkalanta.

Bunutin o putulin ang pechay at hugasan. Ilagay sa plastic bag at butasan upang magkaroon ng hangin. Palibutan ng lumang diyaryo ang inaning pechay bago ilagay sa plastic bag upang lalong tumagal ang pagiging sariwa nito.



TECHNO *guide*



Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o mag text lamang sa
FARMERS' CONTACT CENTER

0920 946 2474

atiinteractive



#ISHAREKNOWLEDGE | #ATiNspire | #ATILEADS | #URBANAGRI